UK Health Security Agency

NHS

Protektahan ang iyong sarili laban sa

# meningitis at septicaemia

gamit ang bakuna kontra MenACWY




immunisation
the safest way to protect your health

# Meningococcal na Sakit

**Di-pangkaraniwan ngunit napakamapanganib ng meningococcal na sakit at kailangan ang agarang paggamot sa ospital. Maaari itong humantong sa mga kapansanang nakaaapekto sa buhay tulad ng amputation, pagkawala ng pandinig, pinsala sa utak at mga pilat. Sanhi ito ng meningococcal bacteria na nahahati sa ilang grupo. Ang pinakakaraniwan ay ang A, B, C, W at Y. Ang mga sanggol, maliliit na bata, teenager at kabataang nasa hustong gulang (young adult) ay may pinakamataas na panganib ng meningococcal na sakit.**

Ang meningococcal bacteria ay maaaring maging sanhi ng meningitis (pamamaga ng lining ng utak) at septicaemia (kapag pumasok ang bacteria sa daluyan ng dugo na nagdudulot ng pagkalason ng dugo). Napakadelikado at nakamamatay ang parehong mga sakit, lalo na kung hindi masuri nang maaga.

Maaaring humantong sa sepsis ang parehong meningitis at septicaemia. Ang sepsis ay isang matindi at mapanganib na reaksyon ng immune system (immune response) laban sa anumang impeksyon at maaaring humantong sa pagkapinsala ng tissue, paghina ng (mga) organ (organ failure) at pagkamatay.



## Bakit kailangan kong magpabakuna?

Higit na nasa panganib na magka-meningococcal na sakit ang mga mas nakatatandang teenager at kabataang nasa hustong gulang (young adult), kaya kailangan mong magpabakuna ngayon upang maprotektahan ang iyong sarili. Ito ay isang ligtas at napakaepektibong bakuna na naging bahagi na ng nakagawiang programa para sa kabataan mula pa noong 2015. Nakababawas din ito ng panganib na mahawa ang ibang taong nasa paligid mo. Maaaring nabakunahan ka ng MenC noong ikaw ay sanggol at bata pa ngunit hindi ka mapoprotektahan nito laban sa ibang mga meningococcal na grupo.

Ang bakuna kontra MenACWY ay nakadaragdag ng iyong proteksyon laban sa MenC at tumutulong para protektahan ka laban sa tatlong iba pang meningococcal na grupo (A, W at Y). Hindi ka mapoprotektahan ng bakunang ito laban sa lahat ng uri ng meningococcal na sakit, tulad ng MenB, kaya mahalaga pa ring malaman ang mga palatandaan at sintomas.

## Kailangan ko bang magkaroon ng bakuna laban sa MenACWY?

Hindi, ngunit ang pinakamainam na paraan para matulungang protektahan ang iyong sarili ay sa pamamagitan ng pagkakaroon ng bakuna kontra MenACWY. Kailangan mo o ng iyong magulang/tagapag-alaga na sumang-ayon para magkaroon ng bakuna. Karaniwang iaalok sa iyo ang bakuna sa paaralan sa ika-9 na taon kapag ikaw ay 13 hanggang 14 na taong gulang. Huwag mag-alala kung nakaligtaan mo ang iyong pagbabakuna, kwalipikado kang tumanggap ng libreng bakuna laban sa MenACWY mula sa iyong nars sa paaralan o sa team ng pagbabakuna sa paaralan kung ikaw ay nag-aaral pa o mula sa iyong GP, hanggang sa iyong ika-25 kaarawan. Mayroong 3 bakuna laban sa MenACWY, ang tawag sa mga ito ay MenQuadfi, Nimenrix at MenVeo, maaari mong basahin dito ang mga polyeto para sa Impormasyon ng Pasyente:

MenQuadfi: **www.medicines.org.uk/emc/product/12818/pil**

Nimenrix: **www.medicines.org.uk/emc/product/4118/pil**

MenVeo: **www.medicines.org.uk/emc/product/2939/pil**

### Masakit ba ang pagbabakuna?

Walang gustong magpaturok, ngunit napakabilis nito. Mga maliliit na karayom ang ginagamit at inaasahang makararamdam ka lamang ng kaunting pagtusok. Kung medyo kinakabahan ka sa pagpapaturok, sabihin sa nars o doktor bago mo ito tanggapin.

## Mga Palatandaan at Sintomas

**Sa simula, maihahalintulad ang meningococcal na sakit sa isang matinding trangkaso. Ngunit karaniwang magkakasakit nang malubha ang sinumang apektado sa loob ng ilang oras. Maaaring mailigtas ang iyong buhay ng maagang paggamot kaya makabubuting malaman ang ilang pangunahing palatandaan at sintomas.**

Matinding pananakit ng ulo

Paninigas ng leeg


Mataas na temperatura

Mga seizure/fit

Inaantok o mahirap magising

Pagkalito at/o pagkamayamutin

Malamig na mga kamay at paa




Maaaring magkaroon ng isa o higit pa sa mga sintomas na ito at maaaring lumabas ang mga ito nang hindi sunod-sunod at magkahalo ang mga sintomas ng dalawang sakit. Mahalagang humingi ng maagang payong medikal kung ikaw o isang kaibigan ay may mga sintomas na ikinababahala o isang kondisyon na mabilis na lumalala.

**Mahalagang malaman ang mga palatandaan at sintomas ng meningitis at septicaemia kahit na nabakunahan ka dahil marami pang ibang sanhi ng mga kondisyong ito.**



## nga karaniwang
## t sintomas na ito

- Ayaw sa maliwanag
- Mabilis na paghinga
- Pagsusuka/pagtatae
- Pananakit ng tiyan
- Maputla na may batik-batik sa balat
- Pantal (rash)/nagpapasang pantal (bruising rash)*
- Pananakit ng kasu-kasuan o kalamnan


Makikita ang buong paglalarawan ng mga palatandaan at sintomas ng meningitis at septicaemia kabilang ang mga larawan at video sa **www.meningitis.org** at **www.meningitisnow.org**

*tingnan sa kabilang pahina ang 'Gawin ang pagsubok gamit ang baso'

## Gawin ang pagsubok gamit ang baso

Maaaring magkaroon ang isang taong may septicaemia ng ilang mga batik o labis na pamamantal at lagnat. Kalaunan, ang pantal ay maaaring maging mga kulay-lila na batik-batik na hindi nawawala kapag dinidiinan. Maaari kang gumawa ng pagsubok para dito sa pamamagitan ng pagdiin sa pantal gamit ang gilid ng pang-inuming baso. Kung ikaw ay may lagnat at pantal, at hindi nawawala ang pantal kapag dinidiinan, humingi kaagad ng tulong medikal sa pamamagitan ng pagtawag sa 999 o paghiling sa isang tao na dalhin ka sa pinakamalapit na departamento para sa emerhensya ng ospital. Huwag hintaying magkaroon ng pantal. Maaaring isang huling palatandaan ito o maaaring hindi lumabas. Kung may sakit ang isang tao at lumalala ito, humingi kaagad ng tulong medikal.

Sa may maitim na balat, tingnan ang loob ng mga talukap ng mata o ngala-ngala kung saan mas maaaring makita ang mga batik.





## Mayroon bang anumang masasamang mga side effect?

Karaniwan ang magkaroon ng pamamaga, pamumula o pananakit kung saan ka tinurukan. Maaari ding sumakit ang iyong ulo o medyo sumama ang pakiramdam ngunit inaasahang mawawala ang mga sintomas na ito pagkaraan ng isa o dalawang araw. Kung nag-aalala ka tungkol sa anumang mga sintomas, humingi ng payong medikal sa pamamagitan ng NHS111 o sa iyong GP gaya ng dati.



Kung makaranas ka ng anumang inaakalang mga side effect ng bakuna, maaari mong ipaalam ang mga ito sa Yellow Card website, sa pamamagitan ng pagtawag sa 0800 731 6789 (9am hanggang 5pm, Lunes hanggang Biyernes) o sa pamamagitan ng pag-download ng Yellow Card app.

---

**Hinggil sa meningitis, nagbibigay ng impormasyon, payo at suporta ang mga sumusunod na tagapagkawanggawa:**

**Meningitis Research Foundation**, libreng helpline 080 8800 3344 – Lunes hanggang Biyernes, 9am hanggang 5pm

**Meningitis Now**, libreng helpline 0808 80 10 388 – Lunes hanggang Huwebes 9am hanggang 4pm at tuwing Biyernes 9am to 1pm

---

Kung mayroon kang anumang mga katanungan o nais na karagdagang impormasyon, kausapin ang iyong doktor, nars ng paaralan o practice nurse sa opisina ng iyong doktor.

Ginawa ang polyetong ito ng UK Health Security Agency

© Crown copyright 2024
1P 100K AUG 2023 (APS). Product code: YPMACWY1TA Tagalog.
UK Health Security Agency gateway number: 2024071.
Maaaring i-order o i-download ang polyeto mula sa:
**www.healthpublications.gov.uk**, sa pamamagitan ng pagtawag sa: 0300 123 1002 (bukas ang mga linya 8am hanggang 6pm Lunes hanggang Biyernes).
Maaaring i-order ang mga kopya nito na polyeto sa wikang Ingles.